

Distrito ng Mataas na Paaralan ng San Mateo Union
Proklamasyon na Kinikilala ang Oktubre 1-31, 2024 bilang
Buwan ng Kasaysayan ng Pilipinong Amerikano

SAPAGKAT, idineklara ng Pambansang Pangkasaysayang Samahan ng Pilipinong Amerikano (Filipino American National Historical Society) ang Taon na 1988 para maging ika-225 Anibersaryo ng Permanenteng Pamamalagi ng Mga Pilipino sa Kontinental na Estados Unidos at sinimulan ang buong taong pambansang paggunita nito para tumuon sa kuwento ng nakaraan ng ating bansa mula sa isang bagong perspektibo sa pamamagitan ng pagtuon sa pang-ekonomiya, kultural, panlipunan, malikhain at iba pang makabuluhang kontribusyong ginawa ng Mga Pilipinong Amerikano sa napakaraming paraan sa pagpapaunlad ng Kasaysayan ng Estados Unidos; at

SAPAGKAT, noong 2009, kinilala ng Kongreso ng U.S. ang Oktubre bilang Buwan ng Kasaysayan ng Pilipinong Amerikano sa Estados Unidos; at

SAPAGKAT, dapat magpatuloy ang mga pagsisikap para itaguyod ang pag-aaral ng kasaysayan at kultura ng Pilipinong Amerikano, na inaatas sa pahayag ng misyon ng Pambansang Pangkasaysayang Samahan ng Pilipinong Amerikano, dahil ang papel ng Mga Pilipinong Amerikano at ng Mga Taong Hindi Puti ang Kulay ng Balat ay napabayaan sa mga nakasulat, itinuturo, at pag-aaral tungkol sa Kasaysayan ng Estados Unidos; at

SAPAGKAT, kinakailangan ng Pilipinong Amerikanong kabataan na magkaroon ng mga positibong huwaran at na ituro sa kanila ang kahalagahan ng edukasyon, kasama ang kasaganaan ng kanilang etnisidad at mga pinahahalagahan ng kanilang pamana; at

SAPAGKAT, may mahalagang papel ang Distrito ng Mataas na Paaralan ng San Mateo Union sa pagtuon sa pagtuturo sa mga mag-aaral at mas malaking komunidad tungkol sa kasaysayan, mga tradisyon, at dibersidad ng komunidad ng Pilipinong Amerikano; at

KUNG KAYA'T IPINAGTIBAY na sa pamamagitan nito ay ipinapahayag ng Distrito ng Mataas na Paaralan ng San Mateo Union ang Buwan ng Oktubre 2024 bilang Buwan ng Kasaysayan ng Pilipinong Amerikano at hinihikayat ang lahat ng residente na kilalanin ang kasaysayan at kultura ng Pilipinong Amerikano.

DISTRITO NG MATAAS NA PAARALAN NG SAN MATEO UNION

Ipinasa at Ipinatupad ngayong ika-26 na Araw ng Setyembre, 2024

Superintendente

Presidente ng Lupon